

Pag-unawa sa Bakunang mRNA COVID-19

Mayroon na ngayong bakuna para sa COVID-19. Ano ang kailangan mong malaman tungkol sa pagkuha ng bakuna para sa COVID-19? Ano ang iyong maaasahan matapos mong matanggap ito? Ipagpatuloy ang pagbasa para matuto nang higit pa.

Mga katotohanan tungkol sa bakunang mRNA COVID-19

- Ibinibigay ang bakuna bilang isang turok sa isang kalamnan sa itaas ng iyong braso.
- Kakailanganin mo ng 2 dosis ng bakuna, hindi bababa sa 3 linggo ang pagitan.
- Hindi gumagamit ng buhay, patay, o mahinang COVID virus ang bakunang mRNA.
- Hindi ka bibigyan ng bakuna ng COVID-19.
- Nangangahulugan ang masasamang epekto ng bakuna na gumagana ang iyong immune system, hindi dahil mayroon ka ng virus.

Ano ang ginagawa ng bakuna para sa COVID-19?

Ipinakita na gumaganang mabuti ang bakuna para sa COVID-19 upang maiwasan ang sakit na COVID-19 na may mga sintomas. Makatutulong ang pagkakaroon ng bakuna para sa COVID-19 upang maprotektahan ka mula sa pagkakasakit mula sa virus. Kung makakuha ka ng virus pagkatapos mong mabakunahan, maaari itong makatulong na maging mas banayad ang iyong mga sintomas. Maaari ding makatulong ang bakuna para sa COVID-19 upang maprotektahan ang mga tao sa iyong paligid na mahawa.

Maaari ding humantong ang mga bakuna para sa COVID-19 sa mas malawakang mga pagbabago. Kung mas maraming taon ang makakuha ng bakuna para sa COVID-19, mas kaunti ang kalamangan na kumalat ang virus sa komunidad. Habang mas maraming tao ang nakakuha ng bakuna, maaaring magbago ang mga lokal at panrehiyong patakaran tungkol sa kung ano-anong uri ng mga negosyo ang maaaring magbukas at kung paano maaaring magtipon nang sama-sama ang mga tao.

Maaaring bumalik nang mas mabilis ang personal na sesyon ng mga paaralan. Maaaring muling magbukas ang mga lugar ng trabaho. Maaaring payagan ang mga kaganapan, maaaring bumalik ang pagbiyahe para sa maraming tao, at maaaring maging mas madaling makita ang mga kapamilya at kaibigan.

Dapat ba akong magpabakuna para sa COVID-19?

Ang pinakamahalagang bagay na dapat gawin ay makipag-usap sa iyong tagapangalaga ng kalusugan. Aprobado ang mga bakuna para sa mga adultong edad 18 pataas (may isa na naaprobahan para sa mga nasa edad 16). Hindi pa alam ng mga eksperto kung gaano kabisa at kaligtas ang bakuna para sa mga batang wala pang 16 na taon at sa mga buntis o nagpapasuso, ngunit isinasagawa ang pananaliksik. Makipag-usap sa iyong tagapangalaga ng kalusugan tungkol sa iyong partikular na kalagayan at panganib.

Maaari pa ring makinabang ang mga taong nagkaroon na ng COVID-19 mula sa bakuna. Hindi eksaktong alam ng mga mananaliksik kung gaano magtatagal ang natural na imyunidad pagkatapos mong magkaroon ng COVID-19. Maaari kang payuhan ng iyong tagapangalaga ng kalusugan na magpabakuna kung nagkaroon ka ng COVID-19 nang mahigit sa 90 araw ang nakalipas, kung mayroong mga supply ng bakuna, at kung nasa mataas na panganib ka.

Sabihin sa iyong tagapangalaga ng kalusugan kung nagkaroon ka ng matinding reaksiyon na allergy sa pagkain o gamot. Makipag-usap sa kanila tungkol sa iyong mga panganib kung nagdadala ka ng epinephrine autoinjector. Maaari itong makaapekto sa payo sa iyo ng iyong tagapangalaga ng kalusugan tungkol sa bakuna.

Paano gumagana ang bakunang mRNA COVID-19?

Iba ang mga bakunang COVID-19 mRNA mula sa mga tradisyunal na bakuna. Hindi gawa ang mga ito sa buhay, patay, o mahinang virus. Sa halip, gawa ang mga ito sa messenger ribonucleic acid (mRNA). Isa itong uri ng molecule na nagbibigay ng mga tagubilin para sa kung paano gumawa ng iba't ibang uri ng mga protina. Natural na bahagi ng ating mga selula ang mga mRNA molecule at kung paano gumagana ang ating mga katawan.

Sinasabi ng mRNA sa mga bakuna sa iyong mga selula kung paano gumawa ng ligtas na piraso ng protina na tinatawag na spike protein. Natatagpuan ang protinang ito sa labas ng SARS-CoV-2 virus na nagdudulot ng COVID-19. Nakikita ng iyong immune system ang spike protein na ito bilang isang banta, at lumilikha ng mga antibody at iba pang pananggalang laban dito.

Tutulong ito sa immune system ng iyong katawan na makilala at labanan ang tunay na virus kung sakaling magpakita ito. Ito ay parang pagkilala sa isang tao sa pamamagitan ng sombrero ng suot niya. Kung gayon, handa na ang iyong katawan na makita ang COVID-19 at labanan ito bago ito lumaki sa mga selula ng iyong katawan.

Paano inaprobahan para sa kaligtasan ang mga bakuna para sa COVID-19?



Nakapasa ang mga bakunang COVID-19 mRNA sa maraming pagsusuri sa mga laboratoryo at sa libo-libong tao, at natugunan ang mahihigpit na pamantayan mula sa FDA.

Sinubukan muna ang mga bakuna sa mga hayop. Pagkatapos, sinubukan ang mga ito sa isang serye ng mga clinical trial kasama ang libo-libong tao. Kinolekta ang lahat ng data mula sa mga pagsubok na ito at isinumite sa FDA at sa iba pang grupo ng siyentipiko. Maingat na tiningnan nitong mga komite ng mga siyentipiko at mga eksperto sa pampublikong kalusugan ang data upang makita kung ligtas at mabisa ang bakuna. Kung matugunan ng bakuna ang mahigpit na mga pamantayan ng FDA sa kaligtasan at kalidad, sasabihin ng ahensya sa kompanya ng bakuna na maaari silang gumawa ng bakuna para sa paggamit na pang-emergency.

Paanong napakabilis na naihandang ang bakunang ito?

Maraming taon nang nagtatrabaho ang mga mananaliksik sa mga bakunang mRNA. Mas mabilis at mas ligtas na nagagawa ang mga ito sa isang laboratoryo kaysa sa isang bakuna na gumagamit ng virus. Dahil dito, maaari ding magawa ang mga ito nang mas mabilis.

Karaniwang mas matagal na maaprubahan ang mga bakuna at madala sa merkado. Ngunit sa napakaraming taon ng paggawa ng mga bakuna, ginagawa ng mga grupo ng pananaliksik at mga ahensya ng pampublikong kalusugan na mas mabilis na gumana ang proseso ng bakuna. Para sa COVID-19, ginawa ang isang espesyal na programang tinatawag na Operation Warp Speed (OWS) upang tumulong na maihandang nang mas mabilis pa ang mga bakuna para sa COVID-19.

Ang OWS ay pakikipagtulungan ng Kagawaran ng Kalusugan at mga Serbisyong Pantao ng U.S., ng Kagawaran ng Tanggulan ng U.S., at ng maraming grupo ng medikal na pananaliksik at pagmamamupaktura. Nagkasundo ang mga organisasyong ito na magtulungan hangga't maaari upang mag-usap at kumilos sa pamamagitan ng isang malaking proseso upang bumuo ng mga ligtas na bakuna para sa COVID-19 nang mas mabilis. Alamin pa ang tungkol sa [Operation Warp Speed](#).

Magkano ang bakuna?

Ibinibigay nang libre ng gobyerno ng U.S. ang bakuna para sa mga residente ng U.S. Ngunit ang lugar kung saan ka kumuha ng bakuna ay maaaring maningil sa iyong insurer ng kalusugan sa pagbibigay sa iyo ng bakuna. Makipag-usap sa iyong insurer ng kalusugan, lokal na parmasya, employer, o tagapangalaga ng kalusugan upang malaman pa ang tungkol sa posibleng bayad. Hindi ka maaaring pagkaitan ng bakuna kung wala kang insurance sa kalusugan o hindi ka makapagbayad mismo.

Pagkuha ng bakunang mRNA COVID-19

Ibinibigay ang bakuna bilang isang turok sa isang kalamnan sa itaas ng iyong braso. Kakailanganin mong magkaroon ng 2 dosis, na may pagitan na 21 araw o higit pa. Kakailanganin mo ang parehong dosis na ito para makuha ang pinakamahasag na proteksyon sa COVID-19 mula sa bakuna.

Sundin ang mga tagubilin mula sa tauhan ng tagapangalaga ng kalusugan. Sabihin sa tauhan kung nagkaroon ka ng matinding reaksiyon na allergy sa pagkain o gamot, o may dalang epinephrine autoinjector. Sabihin sa kanila kung may naramdaman kang anumang reaksiyon pagkatapos mong mabakunahan. Malamang hilingan ka na manatili nang ilang oras pagkatapos mong mabakunahan para masubaybayan ka.

Masasamang epekto: Alamin kung ano ang aasahan

Magkakaroon ng masasamang epekto ang bakuna para sa ilang tao. Pagaganahin ng bakuna ang immune system ng isang tao. Ginagawa nitong lumikha ang immune system ng mga antibody upang labanan ang partikular na virus o bakteryang. Kapag kumilos ang iyong immune system, maaari mong maramdaman na nagsisimula ang iyong immune system na parang nakikipaglaban ito sa isang sakit. Hindi ito nangangahulugan na nahawa ka sa sakit. Ibig sabihin nito na gumagana ang iyong immune system.

Ang mga taong nasa mga pagsubok ng bakuna para sa COVID-19 ay karaniwang nagkaroon ng pananakit sa lugar ng iniksyon, pagkapagod, mga pagsakit ng ulo, mga pananakit ng kalamnan at kasu-kasuan, pangiginig, at lagnat sa loob ng isa o dalawang araw. Mas kaunting tao ang nagkaroon ng pamumula at pamamaga sa lugar ng iniksyon. Palatandaan ang lahat ng ito na gumagana ang iyong immune system sa pagtatanggol nito. Makukuha mo ang mga uring ito ng mga epekto pagkatapos ng maraming uri ng mga bakuna. Ngunit dapat magtagal nang maikling panahon ang mga sintomas na ito. Bilang paghahambing, maaaring maging matindi ang mga sintomas ng COVID-19 at mas magtagal, at magdulot ng mga komplikasyon, pangmatagalang sakit, at kamatayan. Sinisiguro ng proseso ng pag-apruba ng FDA na nahihigitan ng kawalang-ginhawa at mga panganib ng isang bakuna ang mga panganib at komplikasyon ng sakit na tinutulungan nitong mapigilan.

Reaksiyon sa Allergy

Sa pangkalahatan, napakaligtas ang mga bakuna sa COVID-19. Isinubok na ang mga ito sa libo-libong tao. Nangyayari ang **hindi malulubhang reaksiyon sa allergy** sa ilang tao nang hanggang 4 na oras pagkatapos na mabakunahan. Maaaring hilingin sa iyo ng klinika na nagbabakuna na



manatili sa lugar ng ilang oras pagkatapos mong mabakunahan. Ito ay para matiyak na wala kang mabilis na reaksiyon.

Makipag-usap sa iyong tagapangalaga ng kalusugan bago ka magpabakuna para sa COVID-19. Sabihin sa kanila kung nagkaroon ka na dati ng mabilis na reaksiyon sa kahit anong bakuna, kahit pa ang reaksiyon ay hindi malubha. Tutulungan ka ng iyong tagapangalaga ng kalusugan na timbangin ang mga panganib at benepisyo para sa iyo ng bakuna sa COVID-19.

Kung may allergy ka sa kahit anong sangkap sa mRNA na bakuna sa COVID-19, ipinapayo ng CDC na huwag kang magpabakuna. Kung naturukan ka na ng 1 dosis ng bakuna sa COVID-19 at nagkaroon ka na agad ng reaksiyon, ipinapayo ng CDC na huwag kang magpaturok ng ikalawang dosis.

May smartphone app ang CDC na tinatawag na V-Safe para tulungan kang iulat ang masasamang epekto. Magpapadala rin ang app ng mga paalala kung kailangan mo ng ikalawang dosis ng bakuna. Para ma-access ang app na ito, tingnan ang “Para alamin ang higit pa” sa ibaba.

Mga malubhang sintomas

Kung tumanggap ka ng bakuna sa COVID-19 at iniisip mong parang magkakaroon ka ng malubhang reaksiyon sa allergy pagkaalis mo sa klinikang nagbabakuna, tawagan ang **911**. Kabilang sa mga malubhang sintomas ang:

- Hirap sa paghinga
- Paghingang may humuhuni
- Hirap sa paglunok o pakiramdam na nagsasara ang iyong lalamunan
- Mahalumigmig, mamasa-masa, o mangasul-ngasol na balat
- Garagal na boses o hirap sa pagsasalita
- Pananakit ng dibdib
- Pagkahimatay
- Pamamaga sa mga mata, bibig, mukha, o dila
- Kumbulsyon
- Nakakaramdam ng labis na antok o nahihirapang magising
- Mabilis na tibok ng puso
- Pagkahilo, pagsusuka, pagtatae, pamumulikat ng tiyan, o pananakit ng tiyan

Pagkatapos mong mabakunahan para sa COVID-19

Kapag nakuha mo na ang parehong dosis ng bakuna:

- **Posible pa ring magkaroon ng COVID-19.** Gaya ng karamihang bakuna, hindi 100% mabisa ang mga bakuna para sa COVID-19 sa pag-iwas sa sakit. Dapat ka pa ring mag-

ingat upang umiwas na makaugnayan ang mga taong maysakit at sundin ang lokal na payo tungkol sa pananatiling ligtas.

- **Dapat mo pa ring sundin ang mga alituntunin para sa mga mask at social distancing.** Sundin ang inyong lokal, pang-estado, at pambansang mga tagubilin tungkol sa pagsusuot ng mask. Sundin ang mga patnubay tungkol sa social distancing at paglayo mula sa maraming tao.

Pakikipag-usap sa iyong tagapangalaga ng kalusugan

Maaaring napakarami mong tanong tungkol sa bakuna para sa iyong sarili. Dapat mo bang kuhanin ito? Kung gayon, kailan? Ano-ano ang iyong mga peligro at benepisyo? Ang pinakamahusay na paraan upang sagutin ang mga ito ay makipag-usap sa iyong tagapangalaga ng kalusugan. Maaari nilang ipaalam sa iyo kung kailan at kung anong uri ng bakuna ang mayroon, at ano ang dapat mong isaalang-alang.

Upang matuto nang higit pa

- [CDC: Mga Bakuna sa COVID-19](#)
- [FDA: Mga Bakuna sa COVID-19](#)
- [Operation Warp Speed](#)
- [V-Safe After Vaccination Health Checker](#)

Petsa nang huling binago: 3/8/2021